



Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8:

## Paggalang sa Paniniwala ng Lahat



**Pangalan:**____________________________________

**Baitang at Seksyon:**___________________________

**Paaralan:**_____________________________________



## Alamin

Ang layunin ng modyul na ito ay upang mailalarawan ang mga ibat-ibang paniniwala at kung paano natin ito igagalang at papahalagahan.

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang;

- Nakapaglalarawan ng paggalang sa paniniwala ng iba.
  **MELC CODE: EsP3PD-Iva-8**



## Subukin

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang iyong gagawin ng makita mong pinagtawanan ng magkakaibigan ang batang scouter na nagdarasal?
   A. Sasabayan ko sila.
   B. Babatuhin ko sila.
   C. Hahayaan ko sila.
   D. Puntahan ko at pagsabihan na hindi tama ang kanilang ginawa.

2. Nakita mong naglalaro sa loob ng isang kapilya ang mga boy scouts. Ano ang gagawin mo?
   A.Hahayaan ko sila sa kanilang paglalaro at hindi ako sasali sa kanilang paglalaro upang hindi na makadagdag sa ingay.
   B. Pagsasabihan ko sila na maglaro na lamang sa palaruan.
   C. Hahabulin ko sila hanggang mapilitan silang lumabas ng kapilya.
   D.Sisigawan ko sila para tumigil na sa paglaro.

3. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng maling pag-uugali?
    A. Aawayin ang batang iba ang paniniwala tungkol sa Diyos.
    B. Paggalang sa taong may sariling paraan ng pakikipag-ugnayan o pagsamba.
    C. Pakikipagkaibigan sa may ibang paniniwala.
    D. Pagkakaroon ng bukas na isipan at pagrespeto sa paniniwala ng iba.

# Modyul 8 — Paggalang sa Paniniwala ng Lahat

Sa araling ito, nailalarawan ang paggalang sa ibat-ibang paniniwala ng mga Pilipino.



## Balikan

Isulat sa patlang  ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba at **MALI** kung hindi.

________1. Itatapon  ang patay na daga sa loob ng simbahan.
________2. Hindi mag-iingay habang nagdarasal ang iyong kaklase na iba ang paniniwala sa iyong relihiyon.
________3. Pakikinig sa pagbabahagi ng iyong kaibigan tungkol sa kanilang relihiyon.
______4. Pagmamayabang na ang iyong pananampalataya ay tunay na relihiyon.



## Tuklasin

Iugnay ang mga larawan na nasa **hanay A** sa mga pangungusap na makikita sa **hanay B**. Isulat ang titik ng sagot sa patlang ng bawat bilang.

| **Hanay A** | | **Hanay B** |
| --- | --- | --- |
| __1.  https://on.wsj.com/2Ka4aq0 Islam | A. | Ito ay itinatag ni **Felix Manalo** sa Pilipinas noong 1914. |
| __2.  https://bit.ly/3qChzYu Katoliko | B. | Tuwing Sabado ang araw ng kanilang pagsamba at ipinagbabawal ang pagsuot ng alahas. |
| ___3.   https://bit.ly/370ITYN Adventist | C. | Nilikha ni Allah ang lahat ng bagay sa daigdig at siya lamang ang gabay ng sangkatauhan. |
| | D. | Naniniwalang si Jesus ang anak ng Diyos at ang tagapagligtas. |



## Suriin

May ibat-ibang paniniwala ang bawat isa sa kadahilanang ang bawat relihiyon ay iba-iba ang paniniwala. Naiiba man ang ating pananaw sa relihiyon ay tanging iisa pa rin ang ating tagpaglikha't tagapagligtas. Ang Poong Maykapal. Allah kung tatawagin sa muslim, Ama sa mga Iglesia ni Cristo, at maging Hesu Kristo sa paniniwala ng mga kristiyano. Nararapat lamang na pagyamanin ng bawat isa ang salitang paggalang at pagrespeto sa bawat paniniwala tungo sa mapayapang komunidad. Bagkus, ang paggalang ay ang pagpapalagay ng mabuting hangarin at kakayahan ng ibang tao o sa sarili.

Ang mga sumusunod na larawan ay nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba:



Pag-uunawa't pagtanggap sa paniniwala ng iba.

https://bit.ly/36VyaPd



Makipagkaibigan sa mga taong iba ang paniniwala

https://bit.ly/33VLHEF



Pagtulong sa mga nangangailangan kahit magkaiba man ang inyong paniniwala.

https://bit.ly/39QdSsh



## Pagyamanin

Punan ng letra ang mga patlang upang mabuo ang mga salitang tumutukoy sa iba't-ibang relihiyon.

1. __sl__m
2. K__ __o__ ik__
3. Ad__ __ nt__st
4. B__bt__st
5. I__le__ __a ni Cristo



## Isaisip

Lagyan ng tsek **(/)** ang bawat kahon na nasa bilang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba at ekis **(X)** kung hindi.

☐ 1. Pag-uunawa't pagtanggap sa paniniwala ng iba.

☐ 2. Pagtulong sa mga nangangailangan kahit magkaiba man ang inyong paniniwala.

☐ 3. Pagtawanan ang pamamaraan ng pagsamba ng mga muslim.



## Isagawa

Hanapin sa loob ng puzzle ang mga salita na nasa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| paggalang | pag-unawa | pagtanggap |
| | pagrespeto | pag-intindi |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | G | N | A | T | G | A | P |
| A | N | E | T | I | W | I | E | L | A |
| G | G | N | A | L | A | G | G | A | P |
| I | K | V | A | D | N | O | R | M | G |
| N | I | T | U | K | U | Y | I | N | A |
| T | N | E | S | A | G | A | R | B | L |
| I | G | A | S | D | A | T | U | N | A |
| N | T | U | L | U | P | N | G | A | N |
| P | A | R | E | S | P | E | T | O | G |
| I | D | N | I | T | N | I | G | A | P |



## Tayahin

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. May kamag-aral ka na konserbatibong manamit dahil sa relihiyong kinaaaniban niya. Pinagtatawanan siya na iba mong mga kaklase dahil baduy raw.

Ano ang gagawin mo?

A. Igagalang ko ang kanyang paniniwala at pagsasabihan ang mga kaklase.
B. Pagtatawanan ko rin kasi baduy siya.
C. Iiwasan ko siya kasi baka pagtawanan rin ako.
D. Wala akong pakialam sa kanila.

2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng paggalang sa loob ng simbahan?
   A. Isang boy scout na naglalaro sa simbahan.
   B. Si Ronnie na sumigaw ng malakas habang merong nagdarasal.
   C. Nagbabatuhan ang mga magkakaibigang girl scout.
   D. Ang pamilya Dadulo ay tahimik at mataimtim na nagdarasal.
3. Bakit mahalaga ang paggalang sa paniniwala ng iba?
   A. Upang maging magulo ang ating komunidad.
   B. Upang maging payapa ang ating komunidad.
   C. Upang maging malungkot ang ating komunidad.
   D. Upang maging matapang ang bawat isa.



## Karagdagang Gawain

Gumawa ng poster na naglalarawan ng paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos.

**Rubrik sa Paggawa ng Poster**

| Kraytirya | Di-Pangkaraniwan (5) | Kaha nga-hanga (4) | Katang gap-tangap (3) | Pagtatang-ka (2) |
|---|---|---|---|---|
| **Paksa** | Angkop at eksakto ang kaugnayan sa paksa | May kaugna-yan sa Paksa | May maliit na kaugna-yan | Walang kaugnayan |

| **Pagkamalikhain** | Gumamit ng maraming kulay at kagamitan na may kaugnayan sa paksa | Guma-mit ng kulay at iilang kagami-tan na may kaugna-yan sa paksa | Makulay subalit hindi tiyak ang kaugnayan | Hindi makulay |
|---|---|---|---|---|
| **Kalidad ng ginawa** | Makapukaw interes at tumitimo sa isipan | Makata-wag pansin | Pansinin ngunit di makapu-kaw isipan | Di-makapu-kaw ng interes at isipan |
| **Kalinisan** | Maganda, malinis at kahanga-hanga ang pagkagawa | Malinis | Ginawa ng apurahan ngunit di-marumi | Inapura ang paggawa at marumi |
| **Total:** | 20 | 16 | 12 | 8 |

## Sanggunian:


1. https://lithub.com/a-brief-history-of-religious-toleration/
2. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Adolphe_Yvon_-_Genius_of_America_1.jpg
3. https://bit.ly/3gEuGUF
4. https://bit.ly/36VyaPd
5. https://on.wsj.com/2Ka4aq0
6. https://bit.ly/3qChzYu
7. https://bit.ly/370ITYN
8. https://bit.ly/33VvwHg
9. https://bit.ly/36VyaPd
10. https://bit.ly/33VLHEF
11. https://bit.ly/39QdSsh



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: BABY AIDA S. AWANG
MT-I
Ipil Special Education Center, Ipil District
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Jerick P. Mamac

Tagasuri: Baby Aida S. Awang
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS